# Panghihimasok ng dayuhan sa komunidad

*Kung paano mag-ulat ng mga pananakot at pagbabanta mula sa mga gobyernong dayuhan*

**FACTSHEET** / March 2023

**afp.gov.au**

## Panimula

Ang panghihimasok ng dayuhan ay nagbibigay ng seryosong pagbabanta sa mga mamamayan ng Australya, sa soberaniya at seguridad, at sa integridad ng ating mga pambansang institusyon. Hindi lamang nangyayari ang mga pagbabanta ng dayuhang panghihimasok sa isang sektor ng komunidad ng Australya o ginagawa ng iisang bansang estado. Ang mga kalabang aktor ng dayuhang estado (mga bansang nagsasagawa ng magkatunggaling aktibidad laban sa ibang mga bansa) ay lumilikha at naghahanap ng mga oportunidad na makialam sa mga Australyanong gumagawa ng desisyon sa lahat ng antas ng gobyerno at hanay ng mga sector, kabilang ang: mga demokratikong institusyon; edukasyon at pananaliksik; media at komunikasyon; kritikal na imprastruktura; at ang mahalaga, ang ating mga komunidad na may iba't ibang kultura at wika (CALD).

## Panghihimasok ng dayuhan sa komunidad

Ang panghihimasok ng dayuhan sa komunidad ay tinutukoy na mga pananakot at pagbabantang nakadirekta sa, pinangangasiwaan o pinopondohan ng gobyernong dayuhan at nakadirekta sa mga CALD na komunidad upang magdulot ng pinsala at epekto sa multikultural na paraan ng buhay sa Australya. Maaaring manghimasok sa mga komunidad ang mga dayuhang gobyerno dahil sa mga layuning ito:

- upang patahimikin ang mga kritisismo sa mga patakarang panloob at panlabas
- upang subaybayan ang mga aktibidad (offline at online) ng mga miyembro ng mga grupong CALD
- upang isulong ang mga pananaw at patakaran ng dayuhang gobyerno
- upang kumuha ng impormasyon para sa benepisyo ng dayuhang gobyerno
- upang ma-impluwensiyahan ang mga pananaw at opinyon ng malawak na populasyon.

## Ang panghihimasok ng dayuhan sa komunidad ay maaaring may iba't ibang anyo

kabilang ang:

- Pagsalakay o pagbabanta ng salakay
- Blackmail
- Kidnaping, labag sa batas na pagdetine o pagkakait ng kalayaan
- Pagsubaybay nang palihim at walang pahintulot na pisikal at elektronikong pagmamatyag

- Pamimilit ng isang tao sa pamamagitan ng pagbabanta sa kanilang mga pamilya o kakilala sa labas ng bansa upang pwersahin sila na sumunod
- Mga online na kampanyang disimpormasyon sa pamamagitan ng social media para pabulaanan ang isang tao o grupo

Ang mahalaga, upang masaklaw ang dayuhang panghihimasok sa ilalim ng Criminal Code Act 1995 (Cth), ang aktibidad ay dapat naka-ugnay sa isang dayuhang bansa o kinatawan nito. Sa pagsusuri ng kriminalidad, maaari ding ituring ang mga paglabag ng mga estado o teritoryo sa Australya.

## Sino ang mga target?

Maaaring targetin ng dayuhang gobyerno ang:

- Dati o kasalukuyang mga mamamayan sa Australya
- Mga aktibistang pulitikal at karapatang pantao
- Mga tutol sa gobyerno
- Mga mamamahayag
- Mga kalaban sa pulitika
- Mga grupong relihiyoso o etnikong minoridad.

## Ano ang maaari kong gawin upang tumulong?

Habang hindi lahat ng mga ulat ng dayuhang panghihimasok sa komunidad ay bibigyan ng malinaw na tugon, ang bawat ulat ay **makatutulong na bumuo ng isang larawan** ng mga umuusbong na isyu.

Anumang mga pag-aalala at/o pagkakataon ng dayuhang panghihimasok sa komunidad ay maaaring iulat sa **National Security Hotline (NSH).**

- Ang NSH ay tumatakbo 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo at siyang sentral na kontak upang iulat ang mga alalahanin tungkol sa posibleng dayuhang panghihimasok sa komunidad.
- Alam ng mga namamahala ng NSH kung ano ang gagawin sa impormasyong ibibigay mo, at kung kinakailangan, ipapasa nila ito sa mga ahensiyang nagpapatupad ng batas at seguridad para suriin.
- Tinitingnan ng mga namamahala ng NSH na seryoso ang bawat tawag at pinahahalagahan nila ang lahat ng mga tinatanggap na impormasyon.
- Alam naming ang mag-ulat ng isang bagay na nakababahala ay maaaring isang malaking hakbang. Seryoso naming pinahahalagahan ang iyong karapatang pribado. Mangyaring sabihin sa namamahala kung nais mong manatiling walang pangalan.
- Dahil sa sensitibong katangian ng impormasyon, hindi ka tatanggap ng payo hinggil sa resulta ng iyong tawag o email.

Maaaring ang impormasyong ibibigay mo ang nawawalang piraso na kailangan ng AFP para mapigilan ang dayuhang panghihimasok sa komunidad.

May ilang mga paraan upang kontakin ang **NSH:**

- **Tumawag sa: 1800 123 400**
  - Mula sa labas ng Australya: (+61) 1300 123 401
  - Para sa mga gumagamit ng TTY (mga may kapansanan sa pandinig): 1800 234 889
  - **Kung kailangan mo ng interpreter, mangyaring tumawag sa Translating and Interpreting Service sa 131 450 at hilingin silang tumawag sa National Security Hotline.**
- **SMS**
  - Mangyaring ipadala ang iyong impormasyon sa pamamagitan ng text sa 0429 771 822
- **Email**
  - Mangyaring ipadala ang iyong impormasyon sa pamamagitan ng email sa: hotline@nationalsecurity.gov.au
- **Post:**
  - Mangyaring ipadala sa koreo sa:

    National Security Hotline
    Department of Home Affairs
    PO Box 25
    Belconnen ACT 2616

## Ibang mga paraan upang mag-ulat:

Maaari mo ring iulat ang iyong mga ikinababahala sa pamamagitan ng ilang mga paraan kung naaangkop.

- Nakakatulong ang eSafety na tanggalin ang mga abusadong nilalaman sa online. Maaari mong isumbong ang seryosong abuso sa online sa eSafety Commissioner sa esafety.gov.au/report.
- Kung nararamdaman mong ikaw ay **natatakot at hindi ligtas** sa anumang paraan, maaari mong kontakin:
  - **Ang pulis - sa 000 para sa kagyat na mga pananakot**
  - **Ang pulis - sa 13 14 44 para sa pagdalo ng pulis sa mga insidente na hindi nagbabanta sa buhay**
- Maaari mong isumbong ang isang krimeng Commonwealth sa AFP sa pamamagitan ng pagkumpleto ng isang Ulat sa Commonwealth Crime na matatagpuan sa forms.afp.gov.au/online_forms/report_a_crime. Para sa karagdagang impormasyon sa kung ano ang bumubuo sa isang Commonwealth Crime, mangyaring tumungo sa afp.gov.au/contact-us/report-commonwealth-crime#What-is-a-Commonwealth-crime.
- Sinumang miyembro ng komunidad ay maaaring mag-ulat ng pinaghihinalaang paniniktik o aktibidad ng dayuhang panghihimasok sa pamamagitan ng direktang pagkausap sa isang miyembro ng AFP (kabilang ang Pangkat ng AFP sa pakikipag-ugnayan sa komunidad).

## Ano ang maaari kong asahan sa pag-uulat ng dayuhang panghihimasok sa komunidad?

Hindi iimbestigahan ng AFP ang bawat ulat ng dayuhang panghihimasok sa komunidad. Ang bawat tawag sa NSH o ulat ng krimen ay sinusuri depende sa kaso kung may matutukoy na kriminal na paglabag. Ang mga ibubunga ng pag-ulat ay:

- maaaring walang tugon dahil ang usaping iniulat ay hindi tumutugon sa isang pambatas na limitasyon para mangailangan ng aksyon ng pulis
- maaaring imbestigahan ng AFP
- ibang ahensiya ng pulisya o gobyerno ang maaaring humarap sa usapin.

Para sa mga paglabag na mangyayari sa labas ng Australya, maaaring ilapat ang mga limitasyon sa hurisdiksyon.

## Mga uri ng pagbabanta

### Kung ikaw ay pinagbantaan nang harapan

- Isulat o itala ang pagbabanta nang eksakto kung paano ito sinabi.
- Itala ang pinakamaraming detalyeng maglalarawan sa taong nagbanta (pangalan, kasarian, taas, timbang, buhok at kulay ng mata, boses, pananamit, o anupamang mga tampok na pagkikilanlan).
- Iulat ang banta sa pulisya.

### Kung ikaw ay pinagbantaan sa telepono

- Kung maaari, hudyatan ang ibang malapit sa iyo at ipaalam sa pulis.
- Itala ang tawag kung maaari.
- Isulat ang eksaktong salita ng pagbabanta.
- Kopyahin ang anumang impormasyon mula sa elektronikong display sa telepono.
- Maging handa na talakayin ang mga detalye sa pulis.

### Kung ikaw ay pinagbantaan sa pamamagitan ng elektronikong paraan kabilang ang tekstong mensahe, direkta/pribadong mensahe, social media o email

- Huwag tanggalin ang mga mensahe.
- I-print, kunan ng litrato, i-screenshot, o kopyahin ang impormasyon ng mensahe (paksang linya, petsa, oras, nagpadala, at iba pa). Siguruhin mong i-save o kunan ng screenshot ang mga mensaheng nilikha para maging pansamantala.
- Agad ipaalam sa pulis na nakatanggap ka ng pagbabanta.
- Ingatan ang lahat ng elektronikong kagamitan.

**Para maprotektahan ang sarili mula sa ganitong mga uri ng pagbabanta, sundin ang mga tip na ito:**

- Huwag buksan ang mga elektronikong mensahe o mga nakakabit dito mula sa hindi kilalang nagpadala
- Huwag makipag-usap sa social media sa mga hindi kilala o hindi pinakiusapang tao
- Siguruhing naka-set sa pinakamataas na antas ng proteksyon ang iyong panseguridad na mga setting sa mga elektronikong kagamitan/account
- Maaaring makompromiso ng mga cyber criminal ang iyong mga elektronikong kagamitan at ilantad ang personal mong mga impormasyon
- Kaagad na kontakin ang iyong mga institusyong pampinansiya para protektahan ang iyong mga account mula sa identity theft (pagnanakaw ng identidad)
- Gumamit ng malakas na passphrase at huwag gamitin ang parehong passphrase para sa maramihang website
- Siguruhing ang iyong mga aplikasyong anti-virus at anti-malware ay napapanahon
- I-aplay ang mga update na kinakailangan ng sistema at software
- Gamitin ang two-factor authentication (pagpapatunay na dalawahang factor)
- Regular mong i-backup ang iyong mga datos
- Ingatan ang iyong kasangkapang mobile
- Paunlarin ang iyong pag-iisip at kamalayan sa Cyber Secure
- Para sa dagdag na impormasyon, bisitahin ang cyber.gov.au.